

## Ang Batas

Ang **Trafficking Victims Protection Reauthorization Act** (TVPPRA) o Batas Para sa Proteksyon ng mga Biktima ng Pagkakalalakal ng Tao) ay nagtatakda ng mga sumusunod:

Para sa mga imigrante na survivor (nakaligtas) ng trafficking—

- pinapayagan silang *manatili* sa U.S. sa loob ng nakatakdang panahon na kung saan sila ay mayroon ding pagkakataon na mag-aplay ng “green card”
- pinapayagan ang ilang *kamag-anak* ng mga survivor ng trafficking na pumunta sa U.S.
- nagbibigay ng *pahintulot na makapagtrabaho*
- naglilista ng *mga serbisyo* na bahagi ng karapatan ng mga survivor,

Para sa lahat ng mga survivor ng trafficking—

- nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na *maghain ng demandang sibil* laban sa mga *trafficker*
- naglalarawan ng mga *parusa* para sa mga trafficker.

Para sa mga imigranteng survivor ng ilang krimen:

- pinapayagan silang *manatili* sa U.S. sa loob ng nakatakdang panahon na kung saan sila ay mayroon ding pagkakataon na mag-aplay ng “green card”
- pinapayagan ang ilang *kamag-anak* ng mga survivor ng trafficking na pumunta sa U.S.
- nagbibigay ng *pahintulot na makapagtrabaho*

## AALDEF

**Pagsusulong sa Mga Karapatan ng Mga Babae at Mga Batang Manggagawa na Imigrante:** Ang Anti-Trafficking o Inisyatibang Laban sa Pagkakalalakal ng Tao ay nagtatakda ng mga legal na representasyon para sa mga babae at mga batang manggagawa na dumanas ng trafficking at pang-aabuso.

**AALDEF:** Itinatag noong 1974, ang Asian American Legal Defense and Education Fund (AALDEF) ay nanganalaga at nagsusulong sa mga karapatang sibil ng mga Asyano-Amerikano sa pamamagitan ng paglilitis, pagtaguyod, at edukasyong pang-komunidad tungkol sa mga isyu tulad ng mga karapatan ng imigrante, karapatan sa pagboto, hustisyang pang-ekonomiko, karahasan sanhi ng pagkasuklam, at katiwalian ng mga pulis.

### Iba pang Proyekto ng AALDEF

- **Hustisyang Pang-ekonomiya Para sa Mga Manggagawa**
- **Pagkakapantay-pantay sa Edukasyon at Mga Karapatan ng Kabataan**
- **Proyekto Ukol sa Hustisya sa Pabahay**
- **Karapatan ng Mga Imigrante na Magkamit ng Hustisya**
- **Proyekto Ukol sa Karapatang Bumoto**
- **Proyekto Ukol sa Batas sa New Jersey Para sa mga Asyano-Amerikano**

Ang AALDEF ay myembro ng tagaplanong komite ng New York Anti-Trafficking Network (NYATN).

Para sa mga katanungan ukol sa batas, kontakin si Ivy Suriyopas, Abogadong Kawani  
Telepono: 212.966.5932 x235  
E-mail: [isuriyopas@aaldef.org](mailto:isuriyopas@aaldef.org)

Para sa mga referral, kontakin si Mabel Tso  
Telepono: 212.966.5932 x224  
Email: [mtso@aaldef.org](mailto:mtso@aaldef.org)



**Pagsusulong sa Mga Karapatan ng Mga Babae at Mga Batang Manggagawa na Imigrante**

**ASIAN AMERICAN LEGAL DEFENSE AND EDUCATION FUND**

99 HUDSON STREET, 12th FL  
NEW YORK, NY 10013-2815  
TEL 212.966.5932 FAX 212.966.4303  
[www.aaldef.org](http://www.aaldef.org)

## Alamin ang Iyong mga Karapatan

- Ang lahat ng mga manggagawa ay may karapatan na maging malaya mula sa sapilitang paggawa na labag sa kanilang kagustuhan; maaari silang magbitiw o umalis sa kanilang trabaho.\*
- Ang lahat ng mga manggagawa ay may karapatan na kumita ng hindi bababa sa itinakdang pinakamababang sahod, anuman ang katayuan nila sa imigrasyon.
- Ang bawat tao ay may karapatan na maging malaya mula sa pisikal o emosyonal na pang-aabuso.
- Ang bawat tao ay may karapatan na maging malaya mula sa maling pagkakabilanggo.

## Human Trafficking (Pagkakatagal ng Tao)

**Labor Trafficking** (Pagkakatagal sa Trabaho): trabaho o serbisyo ng isang tao sa pamamagitan ng paggamit ng dahas, panlilinlang, o pamimilit

**Sex Trafficking** (Pagkakatagal sa Seks):

- Pakikipagseks upang kumita ng pera na ginagamitan ng dahas, panlilinlang, o pamimilit o
- Pakikipagseks ng isang kabataan o mas mababa sa 18 taong gulang upang kumita ng pera

## Paglabag sa Empleo

- Ang manggagawa ay hindi binayaran sa itinakdang pinakamababang sahod ng pederal o estado.
- Ang manggagawa ay hindi binayaran sa overtime na trabaho na higit sa 40 oras kada linggo.

\* Ang isang manggagawa na nasasaklawan ng isang kontrata ng empleo ay maaaring kailanganin na magbayad ng kabayaran para sa pinsalang dulot ng paglabag sa mga kondisyon ng kontrata. Ang isang manggagawa na mayroong visa na pang-imigrante ay maaaring lumabag dito kung magdesisyon siya na magbitiw o umalis sa trabaho. Mangyaring kumonsulta sa isang abogado

## Pagpapasinungaling sa Mga Haka-haka Tungkol sa Trafficking

- **Ang trafficking ay kaiba sa smuggling (pagpupuslit).** Ang smuggling ay boluntaryong pagtawid sa mga internasyunal na hangganan nang walang pahintulot. Habang nakalabag sa batas ang mga imigranteng itinawid patungo sa U.S., ang mga taong ikinalakal sa U.S. at pinilit na magtrabaho nang labag sa kanilang kagustuhan ay *protektado ng batas*.
- **Ang trafficking ay higit pa sa pangangalakal ng tao para sa prostitusyon o iba pang trabaho na nauugnay sa seks.** Ang mga survivor ng trafficking ay nagtatrabaho sa mga pabrika, mga taniman, mga restawran, konstruksyon, o sa mga pribadong tahanan bilang mga katulong. Ang iba ay pinipilit na gumawa ng krimen o pinipilit na ipakasal.
- **Ang trafficking ay kinabibilangan ng higit pa sa mga paglabag sa empleo.** Ang isang paglabag sa empleo ay maaaring kabilangan ng isang manggagawa na hindi binabayaran ng itinakdang pinakamababang sahod o dagdag-sahod para sa overtime. Sa kabilang banda, ang trafficking ay maaaring kabilangan din ng panganib o banta ng panganib sa manggagawa na nagiging dahilan ng kanyang hindi pag-alis sa trabaho.
- **Ang trafficking ay kinasasangkutan ng mga lalaki, mga babae, at mga bata.** Ang mga survivor ng trafficking ay halu-halo. Itinataya ng pamahalaang pederal na 50% ng mga ikinalakal na tao ay mga bata, at 80% ay mga babae.
- **Ang mga survivor ng trafficking ay maaaring mga tao na mamamayan U.S.** Kabilang sa mga survivor ng trafficking ang mga mamamayan, mga taumbayan, permanenteng residente ng U.S. ayon sa batas, gayundin ang mga hindi rehistradong imigrante.

## Tukuyin ang Isang Sitwasyon ng Trafficking

Kung ang kombinsayon ng mga sumusunod na paha-yag ay totoo, ito ay mga indikasyon ng posibleng sitwasyon ng trafficking:

- Ang tao ay pinilit na magtrabaho na labag sa kanyang kagustuhan.

- Ang tao ay namumuhay sa palagiang takot para sa kanyang kaligtasan o sa kaligtasan ng kanyang mga mahal sa buhay.
- Ang tao ay dumaranas ng pisikal o emosyonal na pananakit o pang-aabuso.
- Ang tao ay mayroong mga banta ng pagpapakulong o pagpapa-deport.
- Ang pasaporte at iba pang mga dokumentong pagkakalinlan ng tao ay kinuha.
- Ang tao ay hindi malaya na pumasok at umalis kung kailan niya gusto.
- Ang tao ay nakabukod at hindi pinapayagang makihalubilo sa iba.
- Ang mga tawag sa isang tao ay mahigpit na nililimitahan o sinusubaybayan.
- Ang tao ay hindi pinapayagan na magbitiw o umalis sa trabaho.
- Ang tao ay parating may kasama na isang tao na para bang nagkokontrol.
- Mayroong mga banta ng panganib sa pamilya o mga mahal sa buhay ng isang tao.
- Ang tao ay nagtatrabaho para magbayad ng utang.
- Paglabag sa empleo—ang tao ay hindi binabayaran ng kahit magkano o binabayaran ng mas mababa sa itinakda ng batas na pinakamababang sahod.
- Kabilang sa mga karaniwang industriya ang trabaho sa bahay, serbisyo sa restawran, trabaho sa pabrika, trabaho na pagbibigay ng aliw, agrikultura, pagkokonstruksyon, o trabaho na may kinalaman sa seks.